



## **Mga Panuntunan upang Matugunan ang may Kaugnayan sa Tubig na 'Disaster Risk Reduction' (DRR) o Pagbabawas ng Panganib sa Kalamidad sa ilalim ng Pandemyang dulot ng COVID-19**

Ang mga Pinuno, tagapagdesisyon, at mamamayan ay kailangang magkaroon ng kamalayan na ang mga sakunang may kaugnayan sa tubig<sup>1</sup> ay patuloy na nalalapit sa mga bansa at siyudad sa ilalim ng pandemyang dulot ng COVID-19. Ang mga stratehiya at aksyon sa Pagbabawas ng Panganib sa kalamidad o Disaster Risk Reduction (DRR) na nakadisenyo para sa kasalukuyang nararanasang pandemya ay makatutulong sa mga lugar na malimit makaranas ng sakuna upang hindi ito maging episentro ng paglaganap ng pandemya bagkus ay makatulong sa mabilisang pagbawi mula sa mga sakuna. Ang mga sumusunod na Panuntunan ay nagdudulot ng mga praktikal na payo sa mga politikong namamahala sa DRR at tagatugon sa COVID-19 at sa lahat ng mga stakeholder upang magsagawa ng mga aksyon at stratehiya. Ang mga inisyatibong ito ay makakatugon sa mga sakunang may kaugnayan sa tubig na maaaring maranasan sa anumang oras sa hinaharap maging sa kasalukuyang nararanasan na pandemya. Habang ang mga Panuntunang ito ay makakatugon sa mga sakunang may kaugnayan sa tubig, maaari rin itong magamit sa iba pang klase ng mga sakuna.

Sa kasalukuyang nararanasan dulot ng COVID-19, agarang atensyon sa pagpapagaan ng sitwasyon at pagtrato sa mga tinamaan ng COVID-19 ay naisasagawa. Subalit ang banta ng mga sakunang may kaugnayan sa tubig ay patuloy na nakaamba may COVID-19 man o wala. Kumpetisyon at kumplikasyon sa mga katugunan sa DRR emergency at COVID-19 health care ay maaring magpalaki pa ng negatibong epekto sa mga bansa at kanayunan.

Implementasyon ng mga stratehiya ng DRR at agarang aksyong may kinalaman sa kasalukuyang pandemya ay kinakailangan upang maproteksyunan ang mga lugar na tinamaan ng mga sakunang may kaugnayan sa tubig upang hind imaging bagong episentro o grupo ng pandemya. Ang mga sumusunod na panuntunan ay nagbibigay ng praktikal na payo sa mga lider politikal, tagapamahala ng DRR at COVID-19, at lahat ng stakeholder kung papano maghanda at tumugon upang maiwasan ang pinalaking epekto ng pinsala dulot ng mga sakuna. Habang ang mga panuntunang ito ay kilala sa pagtugon sa sakunang may kaugnayan sa tubig, ito rin ay maaaring magamit sa iba pang klase ng mga sakuna.

Panuntunan 1: Dagdagan ang kamalayan ng mga namumuno sa disaster risk reduction (DRR) sa panahon ng pandemya.

Panuntunan 2: Pagsamahin ang mga aksyon sa pamamahala ng panganib sa sakuna at pandemya

Panuntunan 3: Maglaan ng malinis na tubig, kalinisan sa kapaligiran, at pangangalaga sa kalusugan tuwing at pagkatapos ng sakuna

Panuntunan 4: Proteksyunan ang mga stakeholder ng pamamahala ng panganib sa kalamidad mula sa banta ng COVID-19

Panuntunan 5: Proteksyunan ang kakaunting yamang-medikal mula sa epekto ng sakuna

Panuntunan 6: Proteksyunan ang mga nagsilikas sa sakuna mula sa banta ng COVID-19

Panuntunan 7: Proteksyunan ang mga pasyente ng COVID-19 mula sa banta ng mga sakuna

Panuntunan 8: Lumikha ng espesyal na gabay sa paglikas sa mga kanayunan at lugar na sumasailalim sa COVID-19 Lockdown

---

<sup>1</sup> Ang sakunang may kaugnayan sa tubig na tinutukoy sa dokumentong ito ay lahat ng klase ng sakuna na kung saan ang sanhi nito ay katubigan. Kasama dito ang malakas na pag-ulan, pagbaha, tagtuyot, pagguho ng lupa, pag-agos ng mga 'debris', tsunami, high tides, pagkatunaw ng lupa sanhi ng lindol, at mga aksidenteng dulot ng polusyon sa tubig. Ang sakunang may kaugnayan sa tubig ay higit 95% sa lahat ng klase ng sakuna na may kinalaman sa dami ng apektadong tao. Mahigit 90% sa mga nagdaang 1,000 malalaking sakuna ay may kaugnayan sa tubig.

Panuntunan 9: Epektibong paglalaan ng pondo sa mga aksyong DRR sa ilalim ng COVID-19 upang maiwasan ang pagbagsak ng ekonomiya

Panuntunan 10: Palakasin ang pakikipag ugnayang global at kooperasyong internasyunal upang makayanan ang mga nagsasabayang hamon patungo sa pagtatayo ng mas maayos na mundo.

*Alam natin na ang Pagtugon at Pagrekober sa Sakuna mula sa pagbaha o tagtuyot ay komplikado sanhi ng ginagawang mitigasyon sa COVID-19 at ganun din sa kabaligtaran kung saan ang ginagawang mitigasyon sa pandemya ay komplikado sanhi ng mga kailangang pagtugon at pagrekober sa mga sakuna.*

### **PANUNTUNAN 1: DAGDAGAN ANG KAMALAYAN NG MGA NAMUMUNO SA DISASTER RISK REDUCTION (DRR) SA PANAHOON NG PANDEMYA**

- Magkaroon ng kamalayan na ang mga sakunang may kaugnayan sa tubig ay nalalapit sa mga bansa at kanayunan habang ito ay nasa ilalim ng pandemyang dulot ng COVID-19. Bagaman ang sitwasyon sa mga lugar na apektado ng sakuna at pandemya ay kumplikado at nagdudulot ng kalituhan, ang mga tamang hakbang at aksyon sa paggawa ng desisyon ay makakatulong. Bagaman ang mga gawain ay nagmumukhang napakalaki at kumplikado, iwasan ang pagsuko dito. Ang paggawa ng desisyong DRR habang isinasa-alang-alang ang pandemya o ang paggawa ng mitigasyon sa pandemya habang isinasa-alang-alang ang desisyong DRR ay makakatulong upang maiwasan ang kalituhan.
- Siguraduhing mapagsama-sama ang mga stratehiya at aksyon sa pamamahala ng panganib sa sakuna at pandemya. Pag-anibin ang mga grupo ng DRR at eksperto sa COVID-19 upang makapagbigay ng tamang payo base sa isinasagawang pag-uusap o dayalogo. Gumawa ng mga kritikal na desisyon base sa pagkonsulta sa kanila.
- Kung maganap ang mga sakunang may kaugnayan sa tubig, agapan ang pag-rekober hangga't maari sa mga serbisyong tulad ng kuryente, transportasyon, at kalinisan upang maiwasan ang pagkalat ng mga sakit at pinagsama-samang epekto ng magkakasamang nagaganap na sakuna kasama na ang pagbibigay proteksyon sa mga tauhang DRR at medikal. Para dito, hikayatin ang mga namumuno sa DRR na magsagawa ng mga 'bago ang pangyayari' o 'ex-ante' na klase ng hakbang tulad ng pagpapalano ng proteksyong emerhensya sa mga kritikal na imprastraktura at pagsasahanay ng panustos ng materyal at kagamitan sa pagrekober. Hikayatin ang mga namumuno sa DRR na magbuo ng sistema na mapapabilis ang pagpapagalaw ng mga tauhan at kagamitan para sa DRR dahil maaaring hindi ito maging nakahanda agad dahil ang mga opisyaes ay nasa work shifts at ang trabahong pampubliko ay nakasuspindi sa ilalim ng COVID-19.
- Hilingin sa mga namumuno sa DRR na gawin ang mga planong disaster risk management sa ilalim ng sitwasyong pandemya na paghandaan itong kaganapan at gawing epektibo agad. Prayoridad ay dapat ibigay sa proteksyon ng mga hospital, pasilidad pang-medikal at ang kanilang mga tauhan. Mula sa perspektibo ng DRR at pag-iwas sa COVID-19, ang planong-DRR sa ilalim ng COVID-19 ay dapat matugunan ang mga tiyak na pangangailangan ng mga kalalakihan, kababaihan, kabataan, mga matatanda, mga may kapansanan, mga migrante, mga populasyong gaya ng refugees, mga taong na-displace, mga taong walang estado, mga trabahador, iskwater, mga walang tahanan, at mga taong madaling kapitan ng COVID-19 gaya ng mga may talamak na sakit. Mangolekta ng mga pinaghiwa-hiwalay na datos ng mga indibidwal na naapektuhan ng COVID-19 at mga sakuna ayon sa kasarian, edad, lahi, meron o walang talamak na sakit, tiyak na grupo tulad ng mga nabanggit sa itaas upang sa ganon ay makabuo ng mga pinagsama-samang plano upang malabanan ang COVID-19 at iba pang uri ng mga sakuna.

- Siguraduhin na ang mga otoridad sa depensang sibil at ang mga serbisyong emerhensiyang medikal ay may contingency plans upang sabay na matugunan ang sakuna at COVID-19 upang mabilisang mabalanse ang kanilang nag-aagawang responsibilidad dahil sa sila ay dati ng tumutugon sa COVID-19.
- Ibigay ang pinakamataas na prayoridad sa pagpapanatili ng panustos ng tubig at sanitasyon na siyang alokasyong pang-tao at pinansyal na yaman. Gawin ito habang at pagkatapos ng sakuna dahil ang kalinisan, partikular na ang paghuhugas ng kamay, ay kritikal na elemento sa pagsupil ng paglaganap ng COVID-19.
- Isama ang mga bagay na nabanggit sa mga Panuntunan ng dokumentong ito sa pambansa at pangkomunidad na planong DRR. Hingin sa lahat ng DRR stakeholders, kasama na ang mga pribadong sektor na isama ang lahat ng bagay na nabanggit sa Panuntunan sa kanilang Business Continuity Plans (BCPs).

*Alam natin na ang mga umaaksyon sa DRR at mitigasyong COVID-19 ay nangangailangan ng koordinasyon para sa epektibo at episyenteng pagtugon.*

## **PANUNTUNAN 2: PAGSAMAHIN ANG MGA AKSYON SA PAMAMAHALA NG PANGANIB SA SAKUNA AT PANDEMYA**

- Ganap na isama ang sektor sa pangkalusugan sa pinagsamang sistema ng pamamahala ng peligro. Gamitin ang mga pamamaraan sa Sendai Framework at iba pang internasyunal na mga alituntunin para sa DRR upang palakasin ang pamumuno sa DRR sa ilalim ng COVID-19 tulad ng: mga nakabatay sa panganib na pamamaraan; kumprehensibong pamamahala sa emerhensya; pamamaraan sa lahat ng panganib; pamamaraang inklusibo sa tao at komunidad; kolaborasyong multisectoral at multidisiplinary; pamamaraang whole-of-health system-based; mga konsiderasyong etikal. Ang kolaborasyong DRR at aksyong protocol ay kelangang masuri at maisaayos upang mapaganda ang katatagan sa lahat ng uri ng panganib kasama na ang biyolohikal na panganib.
- Mabilisang ibahagi at matuto sa mga nagdaang kaso ng matinding pag-ulan, pagbaha, bagyo, at buhawi na naganap sa ilalim ng sitwasyong COVID-19. Karamihan sa mga leksyon at aral ay nasasalamain sa mga Panuntunang ito.
- Gumawa ng situation-specific na alituntunin at webinar sa mga pamamaraang DRR sa sitwasyong COVID-19 na magsasalamain ng settings sa sosyal, kultural, heograpikal, at ekonomiko. Ikonsidera ang pagsasagawa ng mga pagsasanay sa pamamahala ng mga DRR managers at stakeholders para sa sakunang may kaugnayan sa tubig sa ilalim ng sitwasyong COVID-19.
- Maglaan ng mga hazard maps at payong DRR sa mga ospital, at pangkalusugang pasilidad bago pa man tumama ang mga sakuna. Gumawa ng mga magkakapatong na mapa ng mga lugar at pasilidad na naapektuhan ng sakuna/COVID-19. Ang mga peligro ng impeksyon at sakuna ay maaaring babaan sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagpunta sa mga lugar na madaling kapitan ng panganib. Ang mga hazard maps ay kelangang nagsasaad din ng kawalan ng kapanatagan dulot ng pinagsamang epekto ng sakuna at pandemya maging sa kawalan ng kapanatagan sa antas ng sambayanan.
- Suriin at pagandahin ang mga kasalukuyang sistema sa paglikas at early-warning upang makamit nito ang mga pangangailangan sa ligtas na paglikas at pagsupil ng impeksyong dulot ng COVID-19. Bumuo ng maigsi at klaro na komunikasyong may mensaheng pang “early warning” na mag-uugnay sa paglikas at iba pang bagay na pagtugon mula sa sakunang nasa konteksto ng pandemyang paghihigpit at gabay.
- Magsagawa ng mga kampanyang may kamalayan sa panganib ng pinagsanib na DRR at COVID-19. Pagandahin ang kamalayan sa halaga ng pagtaas ng katatagan sa sakuna sa mga drayber ng

panganib, kasama ang pandemyang kalusugan, na maging mas handa sa pamamagitan ng pagpapatupad ng aksyong pag-iwas at pagsulong ng kaalaman sa pagtaas ng katatagan sa mga sakuna. Magsagawa ng pagtatasa sa panganib at komunikasyon ng mga magkakasamang nagaganap na sakuna sa mga zone na mataas ang panganib.

- Siguraduhin na ang pangkat sa pamamahala ng kalamidad ay panatiliin ang aninaw (transparency) ng resulta at mga tugon sa sakuna, at mga pagsisikap na ginawa upang matugunan ang mga isyu sa COVID-19. Ang publiko at mga apektado ng mga sakuna ay dapat makakuha ng wasto at na-update na impormasyon. Ang pangkat sa pamamahala ng kalamidad ay kelangang maging facilitator sa pagkuha ng kolaborasyong sosyal sa pamamagitan ng pagtutugma ng pangangailangan (base sa datos) at ang panustos ng tulong (mula sa publiko) upang itaas ang pondo sa pagsugpo ng sakit. Gumawa ng plataporma ng kolaborasyon kung saan ang tulong ay mabilisang maitugma sa mga pangangailangan.
- Buhayin ang umiiral na mga grupo ng kabataan para sa DRR upang makatawag sa pagkakaisa at kolaborasyon upang pigilin ang paglaganap ng COVID-19 dahil ang pag-uugali ng mga kabataan ay mapagpasyang elemento sa pagkontrol ng sakit. Makipagtulungan sa mga grupo ng kabataan sa pamamahala ng kalamidad, tulong, at mga gawaing pagbawi sa ilalim ng pandemyang COVID-19, nagagamit ang kanilang ispesyal na kakayahan sa ICT, pagbabago, at pagpapakilos ng kanilang mga lokal na katapat.

*Alam natin na ang tubig, sanitasyon, at kalinisan ay kritikal na elemento sa pagpigil sa COVID-19 at mabilisang pagbawi mula sa mga sakuna.*

### **PANUNTUNAN 3: MAGLAAN NG MALINIS NA TUBIG, KALINISAN SA KAPALIGIRAN, AT PANGANGALAGA SA KALUSUGAN TUWING AT PAGKATAPOS NG SAKUNA**

- Magkaroon ng kamalayan na ang mga natural na panganib ay kadalasang nagdadala sa mga pagkagambala sa pagkakaroon ng tubig na makaka-apekto sa mga ginagawang pagsisikap sa mitigasyon sa COVID-19. Sa mga lugar na kung saan matindi ang kawalan ng tubig, ang mga sakuna ay maaaring maka-apekto sa implementasyon ng paghuhugas ng kamay, pangangasiwa ng basura, at iba pang mga gawi sa pagpigil ng tao-sa- tao na hawaan ng COVID-19 virus. Partikular na atensyon ang dapat na ibigay sa mga panganib dulot ng tagtuyot dahil sa kakulangan ng tubig na siyang maaring humadlang sa mga pagsisikap na pigilin ang mga krisis sa kalusugan.
- Protektahan ang mga imprastraktura sa tubig, partikular ang mga pinagmumulan nito, mula sa kontaminasyon. Ikonsidera ang paggamit ng hindi kontaminadong pamalit na sources nito gaya ng tinatawag na water harvesting, at ang pag-reuse ng wastewater upang maiwasan ang tinatawag na collateral hazards ng sakuna at pandemya.
- Ang mga planong DRR ng water service providers ay dapat na may kaakibat na epekto ng hindi lamang natural na panganib bagkus maging ang pandemya. Ang mga pandemya ay nakakaimpluwensya ng mga tauhan kung kaya't apektado ang kalidad ng probisyon ng kanilang serbisyo. Ang pagpapalaganap ng kalinisan ay dapat kasama sa lahat ng yugto ng proseso na dadaan sa mga channel tulad ng medical centers, water/sanitation access points, at mga tauhan ng emerhensya.
- Isulong ang pagsasaliksik at survey actions upang matuklasan ang mga bakas ng COVID-19 virus sa wastewater ng mga naapektuhang komunidad upang mapigilan ang mga panganib, lalo na sa oras ng mga sakuna. Ang mga bagong pamamaraan tulad ng wastewater-based epidemiology (WBE) ay dapat na saliksikin. Maaari itong maging epektibo at mabilis na paraan upang mahulaan ang potensyal na pagkalat ng COVID-19 mula sa tubig at sewer system.

- Hingin sa mga water utilities na pagandahin ang papel ng mga gamit na digital at ang sistemang remote automation/monitoring sa kanilang Business Continuity Plans (BCPs). Lahat maliban sa mahahalagang grupo ng water at wastewater operations, control centers at tauhan sa laboratoryo ay kinakailangang magtrabaho mula sa malayo hangga't maaari sa ilalim ng COVID-19. Sa mga trabahador sa patlang, ang mga koponan ay dapat maitalaga sa pinagkaibang mga work shift na kinokonsidera ang quarantine cycles, at kailangang may access sa COVID-19 Personal Protection Equipment (PPE).

*Alam natin na may mga kritikal na imprastruktura at mga ari-arian ng tao na kinakailangan sa tuwing gumagawa ng responde at pagrekober sa mga baha at tagtuyot sa ilalim ng nagaganap na pandemya.*

#### **PANUNTUNAN 4: PROTEKSYUNAN ANG MGA STAKEHOLDER NG PAMAMAHALA NG PANGANIB SA KALAMIDAD MULA SA BANTA NG COVID-19**

- Turuan at diskarte ang kapasidad ng mga DRR stakeholder tungkol sa COVID-19. Magbigay ng mga madaling maabot, maigsi, at klarong gabay kung paano iwasan ang impeksyon sa mga opisyaes at boluntaryo ng pamamahala ng kalamidad. Halimbawa, gumamit ng mga advice leaflet, probisyon ng webinar, at marami pang iba. Isama ang mga instruksyon sa social distancing sa mga aktibidades ng DRR sa pamamagitan ng mga manwal at arawang checklist.
- Siguraduhin na ang mga stakeholders ng DRR kasama ang mga boluntaryo ay may gamit na mga nasa pamantayan na proteksyong pang COVID-19 tulad ng masks, sa tuwing sila ay okupado sa mga paghahanda/prebensyon/pagrekober na mga aktibidades. Hangga't maaari ay may nakaimbak na mga COVID-19 Personal Protection Equipment (PPE) para magamit sa mga may matataas na kaso ng impeksyon. Magiging epektibo na may mga imbak na PPE para sa mga tauhan ng DRR sa mga panahon sa pagitan ng pandemic waves na kung saan may mga nag-uumapaw na panustos ng PPE sa mga non-medical na pangangailangan.
- Hingin ang arawang self-medical na pagsusuri ng mga tauhan ng pamamahala ng kalamidad upang maiwasan ang posibleng hawaan ng mga kasama at evacuees na kanilang nakakasalamuha.
- Balansehin ang pangangailangan ng mabilisang prebensyon/pagrekober sa sakuna at ang pag-iwas sa hawaan sa pagitan ng lugar na apektado ng COVID-19 at sa mga lugar na hindi gaano apektado sa pamamagitan ng pagbyahe ng mga DRR stakeholder kasama na ang mga boluntaryo.
- Siguraduhin na ang kalidad sa pagsusubaybay at pag-aalerto sa mga sakuna ay sinusuri at napapanatili dahil ang pag-quarantine sa mga nakatalagang opisyaes ay makaka-apekto dito.

#### **PANUNTUNAN 5: PROTEKSYUNAN ANG KAKAUNTING YAMANG-MEDIKAL MULA SA EPEKTO NG SAKUNA**

- Iwasang gawin ang mga ospital at mga pasilidad pang-medikal bilang mga lugar para sa paglilikas. Tanggalin itong mga gusali at mga pasilidad bilang itinalagang mga lugar sa paglikas sa mga hazard maps at mga planong DRR.
- Unahin ang pagbibigay proteksyon sa mga medical staff, pasilidad, at kagamitan mula sa epekto ng sakuna sa pamamagitan ng:
  - Paglalagay ng mga kinakailangang kagamitang power generation sa mga ligtas na lugar mula sa mga sakunang may kaugnayan sa tubig (pagbabaha, etc.) at magbigay probisyon sa mga kagamitang pantulong sa power supply ng mga ospital, health posts, at pasilidad-medikal,
  - Maagang pagpapadala ng mga tauhan ng pamamahala ng kalamidad sa mga ospital, health posts, at pasilidad pang-medikal upang matiyak ang komunikasyon ng tamang payong DRR,
  - Paglalagay ng mga kailangang kagamitang medikal at materyales sa matataas na palapag sa maagang yugto pa lamang

- Paglikha ng mga planong paglikas para sa mga pasyente at tauhang medikal, pagbibigay konsiderasyon sa mga infectious zone,
- Pag-uuna sa probisyon ng tubig, sanitasyon, at kalinisan sa mga ospital, health posts, at pasilidad pang-medikal kung ang panustos ng tubig at serbisyo sa sanitasyon ay naantala sanhi ng mga sakuna,
- Paghahanap ng mga ligtas na lokasyon ng pasilidad ng kalusugan na siyang kailangan sa pagresponde sa pandemya upang maiwasan ang pagtatayo pa ng karagdagang short-term na COVID-19 hospitals sa mga lugar na prone sa kalamidad tulad ng mga bahaing lugar,
- Pag-eedukang sa mga tauhang medikal na responsable sa mga pamamahalang emerhensya na magkaroon ng basic na kaalaman sa DRR bago ang nalalapit na sakuna.

*Alam natin na ang kombinasyon ng mga panganib mula sa mga natural hazards at COVID-19 ay magdadala sa mas maraming pagkawala ng buhay*

#### **PANUNTUNAN 6: PROTEKSYUNAN ANG MGA NAGSILIKAS SA SAKUNA MULA SA BANTA NG COVID-19**

- Agarang lumikha o magrebisa ng mga plano sa paglikas na kasama ang ‘adapted shelters’ upang maseguro ang social distancing, kalinisan, at magandang sheltering procedures. Tiyakin na may tamang bentilasyon ang mga gusaling paglilikasan para maiwasan ang impeksyon sa mga grupo. Hanapin ang mga karagdagang gusali at espasyo para gawing kanlungan na maaaring matugunan ang mga pangangailangang proteksyon ng mga lumikas sanhi ng COVID-19 tulad ng social distancing at magkakahiwalay na espasyo para sa self-quarantine patients. Hangga’t maaari, tiyak na kanlungan para sa mga pasyente ng COVID-19 na may pasilidad pang-medikal at nakahiwalay na gusali/pasilidad/lugar ng paglikas para sa self-quarantine patients ay kailangang maitatag.
- Isulong ang pataas na paglikas bilang prayoridad na pamamaraan ng paglikas kailan at saan man. Ibig sabihin nito ay paglikas sa ikalawa o mas mataas pa na palapag ng gusali mismo ng ililikas o ang katabing gusali nito kung ito ay ligtas. Ito ay kailangan upang maiwasan ang mga aksidente o para mapangasiwaan ang pagsalubong sa mga sakuna tuwing lumilikas, at para gawin ang lilikasang kanlungan na di masyado matao ng sa gayon ay mababawasan ang panganib na impeksyon dulot ng virus sa mga kanlungan. Sa mga lugar kung saan hindi posible ang pataas na paglikas, tulad ng mga patag na mabababang lugar, talakayin kasama ang mga lokal na komunidad ang tungkol sa mas maagang paglikas sa mas maraming bilang na mga mas matataas na gusali, kanlungan, at espasyo upang maiwasan ang siksikan ng mga nagsilikas.
- Kilalanin at pagplanuhan ang maagang paglikas at pangangalaga sa mga pinaka-mahina, na may ‘social inclusion approach’, mula sa mga compound hazards, halimbawa ay mga seniors, may kapansanan, mga buntis, at mga pasyenteng may talamak na sakit.
- Maglaan ng sapat na malinis na tubig, sabon, pangkalusugang kalakal, at sanitary pads sa mga nagsilikas.
- Magsagawa ng medikal na pagsusuri tulad ng pagsusuri sa mga temperatura ng mga nagsilikas.
- Pigilan ang anumang diskriminasyon na may kinalaman sa COVID-19 sa mga nagsilikas. Panatilihin ang pag-aanunsyo at pagbibigay ng mga tamang impormasyon sa kalagayan at epekto ng mga sakuna at COVID-19 sa isang malinaw na pamamaraan dahil ang misimpormasyon at fake news ay mabilis kumalat sa ilalim ng sitwasyong pagkataranta.
- Abisuhan ang mga mamamayan na isama ang masks, wipes, sabon, tuwalya, at thermometers sa evacuation kits bago ang mga sakuna.
- Humingi ng cash donation kesa sa mga materyales na maaaring maging kontaminado sa ilalim ng pandemya. Isulong ang electronic money transfer sa bawat aspeto ng transaksyong pagbabayad

para sa DRR upang mabawasan ang panganib ng hawaan ng virus kung ito ay sa pamamagitan ng cash.

#### **PANUNTUNAN 7: PROTEKSYUNAN ANG MGA PASYENTE NG COVID-19 MULA SA BANTA NG MGA SAKUNA**

- Tiyakin na ang DRR at COVID-19 ay mabigyan ng pinagsamang prayoridad: iwasan ang mga panganib na direktang isapanganib ng buhay ng tao.
- Intindihin at gumawa ng mga pinagsama-samang aksyon para sa mitigasyon ng COVID-19 base sa medikal na control na panuntunan ng mga nakakahawang sakit. Itong mga medikal na panuntunan ay: 1) Alisin ang pinagmulan ng impeksyon; 2) Putulin ang ruta ng transmisyon; 3) Protektahan ang mga mahihinang grupo.
- Gumawa ng mga planong proteksyon para sa mga pasyente ng COVID-19 na naka self-quarantine o nasa itinalagang pasilidad na kasama ang: mga paraan ng komunikasyon at mensahe; mga plano ng paglikas sa ligtas na pasilidad pang-quarantine; at suportang medikal makatapos ang paglikas.

#### **PANUNTUNAN 8: LUMIKHA NG ESPESYAL NA GABAY SA PAGLIKAS SA MGA KANAYUNAN AT LUGAR NA SUMASAILALIM SA COVID-19 LOCKDOWN**

- Magbigay ng espesyal na early warning sa mga naka lockdown na lugar para matiyak ang epektibong paglikas at tiyak na kaligtasan laban sa mga sakuna at iwasan ang mga aksyong pagkataranta.
- Gumawa ng anumang planong maaaring mangyari na emerhensyang paglikas para sa mga sitwasyong lockdown upang maiwasan ang pagkataranta at pagkalat ng malawakang impeksyon. Ang mga plano sa pagtugon sa sakuna base sa time-line format na kasama ang pag-angat sa mga restriksyon sa tiyak na mga lugar ay kailangang ikonsidera.
- Tiyakin ang koordinasyon sa mga local na otoridad para sa pagtalaga ng mga ligtas na lugar at ruta ng paglikas kung sakaling magkasakuna habang may lockdown.

*Alam natin na ang maayos na paghawak sa mga sakuna sa ilalim ng COVID-19 ay makakapagsalba ng trilyones na dolyares sa buong mundo*

#### **PANUNTUNAN 9: EPEKTIBONG PAGLALAN NG PONDO SA MGA AKSYONG DRR SA ILALIM NG COVID-19 UPANG MAIWASAN ANG PAGBAGSAK NG EKONOMIYA**

- Pondohan ang pandemic finance appeal habang kasabay na magkaroon ng contingency budget at pondo para ma-address ang sakuna at mga panganib na may kaugnayan sa klima, habang isinasaisip na ang mga panganib ay maaaring magdulot ng pagbagsak ng ekonomiya. Ayusin ang contingency finance agreements sa mga banko at/o kompanya ng insurance upang mabilis ma-access ang pondo sa pagresponde sa mga sakuna.
- Tiyakin na ang pondo at pagbabayad ay flexible para kayanin ng mga DRR players na magplano at tumugon sa mabilis na pagsulpot at pagpalit ng maraming panganib sa ilalim ng sitwasyong COVID-19.
- I-update ang mga kakayahan sa pamamahala ng panganib sa kalamidad upang makabuo ng global, digital at data-driven na plano, datos sa presyo, suppliers, lead times at espesipikasyon sa pagkuha ng mga mahahalagang kalakal at serbisyo upang matugunan and mga sakuna at pandemya. Magkaroon ng mga plano na harapin ang mga pagsubok, halimbawa, ang kakulangan ng kapasidad sa pagmamanupaktura, mahaba at masikip na supply chains at mga nakikipagkumpitensiya mamimili.
- Hikayatin ang digital na mekanismong pagbabayad sa mga transaksyong DRR sa pamamagitan ng mga telephone-based digital currency payment at digital currencies tulad ng ipinamahagi ng Red

Cross para sa mga biktima ng sakuna sa East Africa upang pigilan ang pagkalat ng impeksyon dulot ng COVID-19.

*Alam natin na ang global na pagkakaisa kesa sa paghihiwalay ay mahalaga upang maipanalò ang labanan laban sa sabay na nagaganap na COVID-19 at mga sakuna.*

**PANUNTUNAN 10: PALAKASIN ANG PAKIKIPAG UGNAYANG GLOBAL AT KOOPERASYONG INTERNASYUNAL UPANG MAKAYANAN ANG MGA NAGSASABAYANG HAMON PATUNGO SA PAGTATAYO NG MAS MAAYOS NA MUNDO**

- Kapag ang malaking sakuna ay naganap, magbahagi sa internasyunal na komunidad ng tama at napapanahong impormasyon ukol sa sakuna at epekto nito sa isang malinaw at mapanagot na pamamaraan sa isang regular na batayan, upang makapagbigay ng pagtitiwalang global sa pamamahala at ekonomiya ng apektadong bansa.
- Hilingin sa mga ahensiya ng Weather/Climate, sa pamamagitan ng paglahok ng World Meteorological Organization at UNDRR, sa buog mundo na aktibong makipag-coordinate sa COVID-19 Taskforces at bigyan sila ng mga pagtataya ng mga klima at weather-related na panganib upang maalerto sila ng posibleng sakuna na may kaugnayan sa tubig sa ilang mga lugar.
- Kung kinakailangan, maghanda sa pag-facilitate ng international DRR at tauhan at kagamitan. Tuwing sa sitwasyon ng pagpasok na may restriksyon, international DRR at tauhan ng humanitarian aid at kagamitan ay maaaring mangailangan ng naitatag na protocol upang mapasok ang apektadong bansa at lugar. Ang mga bansa ay kailangang ikonsider at planuhin ang pagpapadali ng pagsasaayos tulad ng pag-issue ng visa, quarantine clearance at custom clearance, at mga protocol para sa ligtas na pagtulong habang nasa pandemya. Ang ipinadalang grupo ay kailangang may gamit na protection kits. Ang medikal na pagtatagubilin ay kailangang maibigay sa mga grupo ng international assistance bago pasukin ang mga lugar na apektado ng COVID-19. Ang paggamit ng “Guidelines for the domestic facilitation and regulation of international disaster relief and initial recovery assistance (IDRL Guidelines)” ng International Federation of Red Cross at Red Crescent Societies (IFRC) ay kailangang isulong.
- Talakayin ang pagtatatag ng particular na regional bodies para sa polisiya at regulasyong pang-pandemya, sinusundan ang halimbawa nung sa DRR. Ang mga bansa sa ASEAN, halimbawa, ay nasagot ang isyu sa cross-border at kolaborasyong regional/international para sa DRR, sa pamamagitan ng pagtatag ng isang regional center. Ang mekanismong ito ay mahalaga kung tinatalakay ang muling pagbubukas ng borders at nagpo-promote ng pangangalakal ng mahalagang gamit at tao sa resilient na paraan sa mabilis na pagbabago ng mga sitwasyon.
- Ang espesyal na protocol at pangangalaga mula sa, kesa sa pagbawal ng pagpasok dahil sa, COVID-19 para sa mga migrante at refugees dahil sa mga sakuna at iba pang mga emerhensya ay kailangang isaalang-alang.
- Imapa ang mga panganib mula sa maraming perspektibo at magtrabaho ng kolaboratibo at pamamaraang trans-boundary dahil ang mga peligro ay hindi base sa borders at politiko. Siyasatin ang mga solusyon sa kabila ng iba’t ibang sector gaya ng: tubig; sanitasyon at kalinisan; enerhiya; edukasyon; kalusugan at nutrisyon; pangkabuhayan; bata at proteksyong sosyal; kanlungan at kabahayan; at pampublikong mga espasyo.
- Palawigin ang suportang internasyunal sa mga low- and middle-income na mga bansa na nahihirapang makayanan ang pagsiklab (outbreak) kung saan kinakailangang unahin muna ang kapakanan at kaligtasan ng kanilang sariling mamamayan. Ang banta sa isa sa atin ay banta sa lahat. Magkaroon ng kamalayan na tayo ay singlakas lamang ng mahihina sa pagkaya sa COVID-19 at mga sakuna.



- Kumuha ng koordinadong diskarte sa pagintindi at pagbawas ng panganib sa kabilang borders at sa loob ng pamahalaan. Naipakita ng COVID-19 ang pangangailangan para sa isang whole-of-government approach na siyang pinakikinabangan ang kapasidad ng lahat ng kaugnay na Ministeryo, kasama ang National Disaster Risk Management Agencies.
  - Simulan na ngayon ang recovery planning para bumuo ng mas maayos na mundo. Ang pambansa at local na pamahalaan ay kailangang i-salik ang mga biological hazards at mga panganib sa kanilang nasyonal at local na stratehiyang DRR (Sendai Framework Target (e)). Ang mga hamong iniharap ng sakunang ito ay bubuo ng basehan para sa mga bagong plano at disenyo upang matiyak ang sistemang publiko at pribado ay magawang matatag sa mukha ng kinabukasang panganib.
-